# Ilang Kuwentong Radyo ni Tiya Dely

*Fidela "Tiya Dely" Magpayo*
*U.P. Gawad Plaridel 2006 Awardee*

*Established in 2004 by the University of the Philippines (U.P.) College of Mass Communication, the annual U.P. Gawad Plaridel is the sole award given in the U.P. System to outstanding Filipino media practitioners who have excelled in any of the media (print, radio, film, television, and new media) and have performed with the highest level of professional integrity in the interest of public service. The award is named after Marcelo H. del Pilar (nom de plume, Plaridel), the selfless propagandist whose stewardship of the reformist paper La Solidaridad helped crystallize nationalist sentiments and ignite libertarian ideas in the 1890s. Like Plaridel, the recipient of the award must believe in the vision of a Philippine society that is egalitarian, participative, and progressive, and in media that are socially responsible, critical and vigilant, liberative and transformative, and free and independent.*

*Eugenia Duran-Apostol received the first U.P. Gawad Plaridel in 2004 for her contributions to print media. Rosa Vilma T. Santos-Recto (Vilma Santos) was the second U.P. Gawad Plaridel awardee for film in 2005. For the year 2006, the third U.P. Gawad Plaridel was awarded to Fidela "Tiya Dely" Magpayo. According to the citation that was given to her, she pursued in the last seven decades "the highest professional standards in all aspects of her work". She also introduced and promoted Filipino songs as singer and radio producer in the 1930s and 1940s, at a time when there was a preponderance of American music and the country was a direct colony of the United States. Since the Commonwealth Period when Filipino was proclaimed the national language, Magpayo has helped propagate it through radio. She also promoted Filipino values "through the discussions and the advice she gave her radio listeners." Overall, she helped define "Filipino cultural identity...through her excellent work as radio host, newscaster, singer, writer, and producer."*

*As the 2006 U.P. Gawad Plaridel awardee, Magpayo delivered this lecture during the U.P. Gawad Plaridel Paggawad at Lektyur on July 4, 2006 at the U.P. Film Institute Cine Adarna (formerly U.P. Film Center). More than 1,000 people attended the event, among them U.P. Diliman Chancellor Sergio S. Cao, National Artist for Sculpture Dr. Napoleon V. Abueva, then Lipa Mayor and 2005 U.P. Gawad Plaridel awardee Vilma Santos, faculty and students of the University of the Philippines (Diliman), Miriam College, University of the East (Manila), Polytechnic University of the Philippines, Far Eastern University, and St. Scholastica's College.*

---



Fidela "Tiya Dely" Magpayo (middle) receives the U.P. Gawad Plaridel trophy from U.P. Diliman Chancellor Sergio S. Cao (left) and U.P. College of Mass Communication Dean Elena E. Pernia (right). Retrieved August 29, 2007 from http://www.upd.edu.ph/~cmc/gawad_magpayo.htm

Ito po ang inyong Tiya Dely. Ang U.P. Gawad Plaridel na ipinangalan kay Marcelo Hilario del Pilar y Gatmaitan ay pagkilala sa mga nagawa ko.

Alam n'yo, kaming mga taga-radyo, hindi ho sanay na magtalumpati. Sanay lang kaming magkuwento. At sa araw na ito, simple lang ang mensahe ko: Para sa inyong mga estudyante ng *mass comm* o pangmadlang komunikasyon, magagawa n'yo rin ang mga nagawa ko.

Kahit na sinasabi pang masikip na ang mundo ng pangmadlang komunikasyon, may lugar pa rin para sa inyo. Huwag kayong maniwala kapag may mga nagsasabing masyado nang maraming galing sa pangmadlang komunikasyon.

Ang nagawa ni Tiya Dely, magagawa n'yo rin. Animnapu't pitong taon na ako sa radyo. Sa Oktubre, 86 na ako.

Kung babalikan natin ang kasaysayan, si Del Pilar ay isang matalinong propagandista katulad ng pambansang bayaning si Dr. Jose Rizal. Ito ang dahilan kung bakit pumunta silang dalawa sa

Espanya para mapakinggan sila ng Spanish Cortes. Ang sabi ni Rizal, sana'y magkaroon ang Pilipinas ng Plaridel.

Ang Plaridel ay kuha sa Del Pilar. Ang apelyido pala niya sa simula ay Hilario. Si Marcelo Hilario ay pang-siyam na anak ni Don Julian Hilario na tatlong beses naging *gobernadorcillo* sa Bulacan. Ang asawa niya ay si Marciana Gatmaitan. Dahil kay Gobernador-Heneral Narciso Claveria, nagkaroon ng mga alituntunin hinggil sa apelyido ng mga Pilipino. Ang naisip ng pamilya nina Marcelo ay Del Pilar. Ito ang dahilan kung bakit siya ay naging Marcelo Hilario del Pilar. Talagang bawat lugar sa Pilipinas, binigyan ng mga Kastila ng listahan ng pagpipilian.

Kaya nga kami, halimbawa, ay naging Magpayo ang apelyido. Ako po ay mula sa Bulacan. Ang tatay ko ay taga-Barasoain sa Malolos, samantalang ang nanay ko ay taga-Baliwag. (Yung simbahan ng Barasoain ay gawa ng lolo ko.)

Kaya nga ang pamilyang Magpayo at Del Pilar ay parehong tubong Bulacan. Kung babalikan natin ang nangyari kay Del Pilar noon, matatandaan nating siya ay nagkaroon ng sakit na tuberculosis nang unti-unting naubos ang donasyon para sa kilusang propaganda. Sa sobrang kahirapan ni Del Pilar, umabot sa puntong namumulot na lamang siya ng upos sa mga bangketa ng Barcelona. Ganito ang kanyang naging buhay hanggang sa siya'y namatay noong Hulyo 4, 1896.

Sa pagpupunyagi nina House Speaker Sergio Osmeña at Justice Norberto Romualdez noong 1920 – ang taong ipinanganak ako – naiuwi ang mga labi ni Plaridel sa Pilipinas. Ito po ay natutunan ko sa pag-aaral ng kasaysayan ng ating bansa.

Sa puntong ito, nananawagan ako sa mga taga-Cupang, Bulacan: Maaari n'yo bang sabihin sa akin kung ano'ng nangyari sa dalawang natitirang anak ni Marcelo? Alam nating pito ang naging anak nila ni Marciana na pinsang makalawa niya. Ang dalawang natitira ay sina Sofia at Anita.

Kapag taga-radyo kayo, kailangang maging handa. Hindi kasi ito trabahong *disc jockey* (DJ) lang. Puwede kang maging *reporter* o *drama talent*. Minsan, sa isang pagtitipon, si Efren Reyes ng

Premiere Productions ay sinabihan ng *emcee* na magsayaw. Pero nilapitan ako ni Efren at sinabihang ako ang magsasayaw. Ay, malay ko ba!

Noong nasa kolehiyo pa ako, nagkaroon ng balitang ang isang Pilipino ay nakatawid sa dagat Pasipiko sa pamamagitan ng *sailboat*. Siya ay si Florentino Daz. Ang sabi noon sa akin sa DZRH, pumunta raw ako sa Malakanyang at ikober ang parangal sa kanya. Eh, wala naman akong nalalaman sa *coverage*!

Isa pa lang noon ang *outside broadcast* (OB) *van* ng DZRH. Sabi ko, "Ano'ng gagawin ko?" Ang sagot ng driver-technician, "Heto ang mikropono. Kapag sinenyasan kita, magsalita ka na." Noong nasa Malakanyang na ako, una kong nakita ang mga taga-Navy. Nang mapadaan na sa amin si Presidente Ramon Magsaysay, sinenyasan na akong magsalita. "Magandang umaga po, ako po si Dely Magpayo. Paparangalan si Florentino Daz, ang Pilipinong tumawid sa Dagat Pasipiko na naka-*sailboat* lang." Nakita kami ni Presidente Magsaysay. Lumapit siya, kinuha ang mikropono ko at doon siya nagsalita. Sa DZRH mismo napakinggan ang parangal! Pagbalik ko sa *studio*, akala nila, napakagaling ko.

Minsan naman, sinabihan akong tatawag daw si Bobby Fischer. Tanong ko sa aking sarili, "Sino iyon?" Nalaman ko na lang na siya pala ay tinaguriang *"Grandmaster of grandmasters"* sa larangan ng chess. Tatawag daw siya galing Japan. Nakakulong pala siya roon. Sabi ko, hindi ako marunong ng chess. Pero tumawag siya, mula sa Japan. Napakaraming sinabi! Akalain mong inubos ang isang oras na daldal lang ng daldal.

Minsan naman, may isang taga-Ruso na nasa ating bansa na naospital dahil sa maraming sugat na tinamo. *On board* ako noon, at sinabihan ako ng isang *reporter* na kausapin ko ang Ruso. Hindi ko na matandaan kung paano kami nagkausap ng Rusong iyon. Sinabi na lang niya sa aming reporter, "*Very good*." Magaling daw akong anawnser.

Ito ang ilan kong karanasan sa radyo. Huwag n'yong sabihing hindi n'yo kaya dahil nakaya ko. Kapag sinabi sa inyong may dapat kayong gawin, gawin ninyo nang mahusay. Kapag nag-

uumpisa pa lang kayo, huwag kayong maging balat-sibuyas. Humanda kayong masigawan, halimbawa, ng direktor sa drama. Noong nagsisimula pa lang ako, hindi ko alam yung tinatawag na *"fade in, fade out."* Nagalit sa akin ang direktor at sinabihan akong, "Ganyan ang *fade in*!" Okay, ganoon pala.

Gaya nang nasabi ko kanina, ayoko ng mahahabang talumpati. Gusto kong pasalamatan sa puntong ito ang mga taong nasa likod ng ating pagtitipon. Salamat po sa lahat ng inyong ibinigay ngayong hapon. Ito ang inyong Tiya Dely, nagpapasalamat, nagpapaalam sa iyo, sa iyo, at higit sa lahat, sa inyo.